Fact sheet 8 – Tulong para sa mga biktima

Ang *Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [Mental Health Act 2000] (*ang Batas*)* ay naglalaman ng mga probisyon para sa pagtulong sa mga biktima ng mga paglabag ng mga tao na may karamdaman sa kaisipan. Naglalaman din ito ng mga probisyon na kung saan ay nilalayon na tiyakin ang kaligtasan ng mga biktima at ng pamayanan.

Paano makakapagbibigay ang Batas ng tulong sa mga biktima?

Ang Batas ay nagbibigay daan sa mga biktima na tumanggap ng ilang impormasyon tungkol sa isang pasyente ng mental health na nauugnay sa kanilang kaligtasan at mabuting kalagayan. Ang Batas ay may mga probisyon din na nagbibigay-daan sa mga biktima na ilagay ang kanilang mga pananaw kaugnay sa mga bagay na ito at ang mga pananaw na ito ay isasaalang-alang sa forensic mental health system.

Ano ang mga order sa impormasyon sa pasyente?

Ang *Pagrepaso sa 2006 ng Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [2006 Review of the Mental Health Act 2000]* ay nag-rekuminda sa pagkakatatag ng isang rehistradong system upang pamahalaan ang probisyon ng impormasyon sa mga biktima ng paglabag ng mga tao na nalihis mula sa criminal justice system sa mental health system.

Ang mga Order ng impormasyon sa classified na pasyente [Classified patient information order] at *Order ng impormasyon sa pang-forensic na pasyente [forensic patient information order]* ay nagbibigay daan sa mga rehistradong biktima at iba pang mga tao upang tumanggap ng impormasyon sangayon sa ilalim ng Batas. Kasama ng impormasyong ito ang anumang mga pagbabago sa katayuan ng pasyente sa Mental Health Act at ang antas ng community treatment ng pasyente. Ang biktima ng isang pasyente sa isang *order na pang-forensic [forensic order]* ay makakatanggap ng impormasyon tungkol sa isang paparating na pagsusuri ng Tribunal sa Pagrepaso ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Review Tribunal] (ang Tribunal) sa gayon makakapagbigay sila ng isang pagsusumite sa Tribunal kung pipiliin nila.

Ang mga register ng order ng impormasyon ay pinamamahalaan ng Tanggapan ng Direktor ng Kalusugang Pangkaisipan [Director of Mental Health], na nagbibigay ng impormasyon sa mga biktima sa pamamagitan ng Serbisyo ng Queensland sa Pagsuporta sa Biktimang Pangkalusugan [Queensland Health Victim Support Service].

Tignan ang Fact sheet 9 – *Order ng impormasyon ng classified na pasyente at forensic na pasyente para sa karagdagang impormasyon*.

Paano nababalanse ang mga interes ng biktima sa mga interes ng pasyente?

Ang sistema ng pagtala ng impormasyon ay naglalayong protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga biktima at mga pasyente. Ang isang order sa impormasyon ay hindi maisasagawa kung saan ang pagbunyag ng impormasyon ay posibleng mag-resulta ng seryosong pagkapinsala sa kalusugan ng pasyente o ilagay ang kaligtasan ng sinomang tao sa peligro. Bilang karagdagan, habang ang mga lehislatibong probisyon ay umuubliga na ang mga pasyente ay maabisuhan ang isang order sa impormasyon, mayroon ding sugnay para hindi abisuhan ang pasyente kapag ito

ay posibleng magkaroon ng isang masamang epekto sa kalusugan ng aplikante o ang pasyente, o ilagay ang kaligtasan ng sinomang tao sa peligro. Ang Batas ay nagbibigay din ng mga proteksyon upang protektahan laban sa pampublikong pagbunyag ng impormasyon ng pasyente na ibinigay sa ilalim ng isang order.

Paano maipaparating ng mga biktima ang kanilang mga pananaw?

Ang isang biktima ay maaaring magbigay ng impormasyon sa Hukuman sa Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Court] na nauugnay sa mga pagpapasya ng Hukuman. Kasama dito ang impormasyon tungkol sa kundisyon sa pang-kaisipan ng inaakusahang may sala sa panahon ng pagkakasala at ang pananaw ng biktima sa antas ng peligro ng inaakusahang may sala sa biktima o sa pamilya ng biktima.

Ang isang biktima ay makakapag sumite ng materyales sa Tribunal para sa pagsasaalang-alang sa isang pagsusuri.

Ang biktima ay dapat mabigyan ng mga kadahilanan para sa pagpapasya ng Hukuman o Tribunal upang payagan o hindi payagan ang materyales na ito upang maisaalang-alang.

Ano ang Queensland Health Victim Support Service?

Ang Queensland Health Victim Support Service ay isang pang-estadong paglilingkod na nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga biktima ng mga may-salang may karamdaman sa kaisipan. Ang Serbisyo ay nagbibigay ng tulong sa mga direktang biktima ng paglabag, ang mga magulang o tagapangalaga ng isang batang biktima o isang biktimang ligal na walang kakayahan, mga miyembro ng pamilya ng isang biktima, at iba pang tao na direktang napinsala ng paglabag.

Ang Queensland Health Victim Support Service ay maaaring tumulong sa mga biktima sa pamamagitan ng:

- pagbibigay ng impormasyon at suporta sa pag-unawa sa sistema ng forensic mental health at mismong mga pamamaraan nito
- pagtulong sa pag-access sa mga karapatan, kabilang ang mga application para sa mga order ng impormasyon ng pasyente at pagsasagawa ng mga pagpapahayag at mga pagsusumite.
- pagbibigay ng pagpapayo, suporta sa hukuman at mga referral
- pagbibigay ng impormasyon sa mga rehistradong biktima na may kaugnayan sa mga order ng impormasyon ng classified at forensic na pasyente
- pagdagdag ng kamalayan sa mga pangangailangan ng mga biktima kasama ang kawani mental health at mga nauugnay na serbisyo.

Ano ang mga probisyon para sa kaligtasang pampamayanan?

Ang Mental Health Court lamang o ang Tribunal ay maaaring magbigay ng pahintulot sa community treatment o bumawi sa isang *forensic order*. Ang Hukuman o Tribunal ay hindi makakagawa ng mga pagpapasya tungkol sa pagpapalaya ng isang tao maliban lang kung ang Hukuman o Tribunal ay kumbinsido na ang pasyente ay hindi kumakatawan sa isang hindi katanggap-tanggap na peligro sa kanyang kaligtasan, o ang kaligtasan ng sinomang iba pang tao.

Ang Hukuman at ang Tribunal ay obligado din upang isaalang-alang kung kinakailangan, bilang isang kundisyon ng anumang pagpapahintulot para sa limitadong community treatment [limited community treatment], na ang isang pasyente ay dapat walang contact sa isang biktima o isa pang tukoy na tao. Kung nilabag ang alin mang kundisyon, ang limitadong community treatment ay maaaring mabawi upang matiyak na ang tao ay agad na maibalik sa pasilidad ng mental health.

Ano ang mga order sa hindi pagkontak [non-contact orders]?

Kung binawi ng Tribunal ang isang *forensic order*, maaari itong magsagawa ng isang non-contact order. Ang non-contact order ay maaaring magbawal sa tao mula sa paggawa ng pakikipag-ugnay sa isang biktima, o mula sa pagpunta sa isang patikular na lugar o pagpasok sa loob ng isang takdang lapit ng naturang lugar. Ang Hukuman ay may parehong kapangyarihan sa mga kaso na kung saan ay nagpasya ito na hindi magsagawa ng isang forensic order para sa taong napag-alamang may diperensya sa pag-iisip o hindi naaangkop sa paglilitis.

Paano ang iba pang mga probisyon sa pagtulong sa mga biktima?

Ang mga probisyon ng *Batas para sa Mga Biktima ng Kriminal na Paglabag [Criminal Offence Victims Act 1995*] ay sumasaklaw sa mga usapin sa Mental Health Court. Ang mga ahensya ng hustisya sa krimen ay hinihinging magbigay ng impormasyon sa mga biktima tungkol sa kanilang mga karapatan, proseso sa pagsasagawa ng pagpapasya at mga petsa sa pagdinig sa Hukuman. Ang isang biktima ng krimen ay may access din sa mga pagbabayad bilang isang pabor sa mga danyos na kung saan ang isang may karamdaman sa pag-iisip na may sala ay napag-alamang may diperensya sa pag-iisip o hindi naaangkop para sa paglilitis.

Karagdagang Impormasyon

Queensland Health Victim Support Service
Telepono: 1800 208 005

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000